Walang isa mang sumasaksi na walang Diyos kundi si Allāh at na si Muḥammad ay Sugo Niya nang tapat sa puso niya malibang nagbawal sa kanya si Allāh sa Impiyerno

Ayon kay Anas bin Mālik (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), habang si Mu`ādh ay angkas niya sa sasakyang hayop, ay nagsabi: "O Mu`ādh na anak ni Jabal!" Nagsabi ito: "Bilang pagtugon sa iyo, O Sugo ni Allāh, at bilang pagpapaligaya sa iyo." Nagsabi siya: "O Mu`ādh!" Nagsabi ito: "Bilang pagtugon sa iyo, O Sugo ni Allāh, at bilang pagpapaligaya sa iyo" nang makatatlo. Nagsabi siya: "Walang isa mang sumasaksi na walang Diyos kundi si Allāh at na si Muḥammad ay Sugo Niya nang tapat sa puso niya malibang nagbawal sa kanya si Allāh sa Impiyerno." Nagsabi ito: "O Sugo ni Allāh, kaya hindi po ba ako magpapabatid hinggil dito sa mga tao para magalak sila?" Nagsabi siya: "Samakatuwid, sasalig sila." Nagpabatid hinggil dito si Mu`ādh sa sandali ng pagkamatay niya bilang pag-iwas sa kasalanan.}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Si Mu`ādh bin Jabal (malugod si Allāh sa kanya) ay minsang nakasakay sa likuran ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa sasakyang hayop nito saka nanawagan ito sa kanya: "O Mu`ādh." Inulit-ulit nito ang panawagan sa kanya nang makatatlong ulit, bilang pagbibigay-diin sa kahalagahan ng sasabihin nito sa kanya. Ang lahat ng iyon ay sinagot ni Mu`ādh (malugod si Allāh sa kanya) sa pamamagitan ng sabi niya: "Bilang pagtugon sa iyo, O Sugo ni Allāh, at bilang pagpapaligaya sa iyo." Ibig sabihin: "Tumutugon ako sa iyo, O Sugo ni Allāh, sa isang pagsagot sa iyo matapos ng isang pagsagot at hiniling ko ang kaligayahan dahil sa pagsagot sa iyo." Nagpabatid sa kanya ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na walang isa mang sumasaksi na walang Diyos kundi si Allāh – ibig sabihin: walang sinasamba ayon sa karapatan kundi si Allāh – at na si Muḥammad ay Sugo ni Allāh, nang tapat sa puso niya, na hindi nagsisinungaling; saka kung namatay siya sa kalagayang ito, magbabawal sa kanya si Allāh sa Impiyerno. Humiling si Mu`ādh (malugod si Allāh sa kanya) sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na magpabatid siya sa mga tao upang matuwa sila at magalak sila sa kabutihan. Natakot ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na umasa sila roon at mangaunti ang gawa nila. Kaya hindi nagsanaysay hinggil dito si Mu`ādh sa isa man malibang noong pagkamatay niya dala ng pangamba sa pagkasadlak sa kasalanan ng pagkukubli ng kaalaman.